

Buod ng Patakaran sa Pangmedikal na Tulong na Pinansyal

Ang Kaiser Permanente ay mayroong programang Pangmedikal na Tulong Pinansyal (Medical Financial Assistance, MFA) para tulungan ang mga pasyenteng magbayad ng pangangalaga. Maaari nitong mabayaran ang lahat o bahagi ng iyong mga gastos para sa kinakailangang pangangalaga, kasama ang gamot, na ibinibigay ng Kaiser Permanente. Ang pagkuha ng tulong ay depende sa pinansyal na pangangailangan gaya ng inilarawan sa ibaba.

Sino ang kwalipikado?

Maaari kang maging kwalipikado kung ikaw ay mababa ang kita, walang insurance, o hindi sapat ang insurance. Sa pangkalahatan, kwalipikado ka para sa tulong pinansyal:

- Kung ang kita ng iyong sambahayan ay nasa o mababa sa 400% ng pederal na mga alituntunin sa kahirapan
- O kung mayroon kang napakataas na gastos na pangmedikal kumpara sa iyong kita

Ano ang babayaran ng programa?

Matutulungan ka ng programang MFA na magbayad para sa kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng Kaiser Permanente. Kasama rito ang pangangalagang pang-emergency at apurahan at mga serbisyo ng parmasya. Maaaring bayaran ng programa ang buong bill o bahagi nito.

Hindi babayaran ng programa ang:

- Medikal na transportasyon
- Mga premium ng pangangalagang pangkalusugan

- Mga gastos na may kaugnayan sa cosmetic surgery, pangangalaga sa pagkabaog, o surrogacy
- Pangangalagang pangkalusugan na wala sa Kaiser Permanente
- Pangangalagang pinagpasyahan ng provider ng Kaiser Permanente na hindi kinakailangan sa paggamot

Para sa kumpletong listahan, basahin ang patakaran ng MFA sa kp.org/mfa (sa Ingles).

Paano ako mag-a-apply?

Maaari kang mag-apply online, sa koreo, fax, o nang personal. Ang pinakamabilis na paraan para mag-apply ay bisitahin ang kp.org/mfa (sa Ingles) at mag-sign up para makatanggap ng link para sa aming ligtas na online application. Magtatanong ng serye ng mga tanong ang online application para malaman kung kwalipikado ka.

Makakakuha ka rin ng blangkong application sa kp.org/mfa (sa Ingles).

Maaari kang mag-apply sa anumang bahagi sa proseso ng pagtanggap o pagsingil. Hindi mo kailangang hintayin ang bill para humingi ng tulong.

Sa ilang sitwasyon, maaaring tumulong ang programang MFA na bayaran ang iyong pangangalaga nang hindi mo kailangang mag-apply.

Kung kwalipikado kang makatanggap ng tulong, hindi ka namin sisingilin nang mahigit sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) para sa pangangalaga. Tingnan ang kp.org/mfa (sa Ingles) para sa higit pang impormasyon ng AGB.

Anong impormasyon ang kakailanganin ko para mag-apply?

Hihingiin sa iyo ang sumusunod na impormasyon kapag nag-apply ka:

- Laki ng sambahayan at impormasyon ng kita para sa lahat ng nasa hustong gulang sa sambahayan
- Mga gastos para sa pangangalagang pangkalusugan, kung alam
- Katunayan ng kita

Ang pagbibigay ng katunayan ng kita ay tinutulungan kaming malaman kung kwalipikado ka.

Kailan ko malalaman kung naaprubahan na ang aking application?

Kung kumpleto na ang iyong application, padadalhan ka namin ng sulat kasama ang aming desisyon sa loob ng 30 araw ng negosyo. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, may kasamang mga instruksyon ang sulat sa kung paano umapela.

Kung hindi kumpleto ang application mo, kokontakin ka namin. Bibigyan ka namin ng petsa kung hanggang kailangan mo kailangang ibigay ang kulang na impormasyon. Kung mananatiling hindi kumpleto ang iyong application, maaaring hindi ka makatanggap ng tulong pinansyal.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Makakakuha ka ng higit pang impormasyon at ang patakaran at application ng MFA sa kp.org/mfa (sa Ingles). Available ang impormasyon sa maraming wika sa isang format na naa-access sa screen reader. Maaari mo ring tawagan ang **1-800-813-2000** (TTY 711).

Iba pang tulong pinansyal

Makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa pangangalagang pangkalusugan

Kung wala kang coverage sa pangangalagang pangkalusugan, makakatulong ang Kaiser Permanente. Para malaman ang iyong mga opsyon, tumawag sa **1-800-479-5764** (TTY 711) Lunes hanggang Biyernes, mula 9 a.m. hanggang 5 p.m.

Makakuha ng tulong sa mga gastos sa pamumuhay

Kung kailangan mo ng tulong sa mga mahalagang bagay tulad ng pagkain, pabahay, pagbabayad ng internet o iba pang utilidad, at marami pa, bisitahin ang kp.org/socialhealth (sa Ingles). O tumawag sa Community Support Hub sa **1-800-443-6328** (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Malaman nang maaga ang halaga ng pangangalaga

Makukuha mo ang mga presyo para sa mahigit 300 serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa kp.org/price-transparency (sa Ingles).

Ang mga presyo para sa ilang serbisyo ay batay sa haba ng karaniwang pamamalagi sa ospital. Maaaring mabago ng kinakailangang pangangalaga sa indibiduwal ang presyo.

Paano makakakuha ng mga kopya ng patakaran ng MFA, application at impormasyon ng programa



Online

kp.org/mfa (sa Ingles)



Telepono

Tumawag sa 1-800-813-2000!

Mga paraan para mag-apply



Mag-apply online

kp.org/mfa (sa Ingles)



I-fax ito

I-fax ang iyong nakumpletong application sa 1-877-829-3547



Ipadala ito sa koreo

Ipadala ang nakumpleto mong application sa:
Kaiser Permanente
Attn: Financial Counselors
500 NE Multnomah Street
Portland, OR 97232



Dalhin ito

Dalhin ang iyong nakumpletong application sa kawani sa Pagrerehistro (check-in) sa alinmang pasilidad ng Kaiser Permanente. Para sa mga tanong tungkol sa MFA, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 503-813-2000.

NOTICE OF LANGUAGE ASSISTANCE SERVICES

English: If you need help in your language, language assistance is available at no cost to you, 24 hours a day, 7 days a week (closed holidays). Call our Member Service Contact Center at 1-800-464-4000 (TTY 711) for help or visit any registration desk for more information at any Kaiser Permanente hospital, Monday through Friday, 8 a.m. to 5 p.m. Aids and services for people with disabilities, like documents in braille, large print, audio, and other accessible electronic formats are also available.

Chinese: 如果您需要使用您的语言获得帮助，我们每周 7 天、每天 24 小时免费提供语言帮助（节假日休息）。请致电 1-800-464-4000 (TTY 711) 联络我们的会员服务联络中心以寻求帮助，或前往任何 Kaiser Permanente 医院的登记台了解更多信息，我们的服务时间为周一至周五上午 8 点至下午 5 点。我们还为残疾人提供辅助工具和服务，例如盲文、大字体、音频和其他无障碍电子格式的文档。

Spanish: Si necesita ayuda en su idioma, contamos con asistencia de idiomas sin costo alguno para usted las 24 horas del día, los 7 días de la semana (excepto los días festivos). Comuníquese con nuestra Central de Llamadas de Servicio a los Miembros al 1-800-464-4000 (TTY 711) para obtener ayuda. O visite el mostrador de recepción en cualquier hospital de Kaiser Permanente para obtener más información, de lunes a viernes, de 8 a. m. a 5 p. m. También ofrecemos ayudas y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille, letra grande, audio y otros formatos electrónicos accesibles.